



Liberty Utilities®

MAGAGAMIT NA PROGRAMANG CARE UPANG MATULUNGAN ANG MGA KOSTUMER NA MAPANATILING BUKAS ANG MGA ILAW



Nais ipaalala ng Liberty Utilities sa mga kostumer na humaharap sa pinansyal na kahirapan o na may pag-aalinlangan ang tungkol sa programang CARE. Ang programang CARE, o California Alternate Rates for Energy, ay nag-aalok sa mga kostumer na kwalipikado ang kita ng 20% na diskwento sa kanilang buwanang bayarin sa kuryente.

Upang malaman ang higit pa tungkol sa programang ito o upang malaman kung karapat-dapat kang mag-aplay, bumisita sa www.LibertyUtilities.com at mag-klik sa "Financial Programs" sa ilalim ng "My Account" na tab o tawagan ang isa sa aming mga magiliw na kinatawan sa serbisyo ng mga kostumer sa 1-800-782-2506. Ang mga aplikasyon ay magagamit online sa mga wikang Ingles at Epanyol.

Mga Alituntunin sa Kita ng CARE

Epektibo Hunyo 1, 2020 - Mayo 31, 2021

PINAKAMATAAS NA KABUUANG KITA NG SAMBAHAYAN

Dami ng Tao sa Sambahayan	Kabuuang Pinagsamang Taunang Kita
1 or 2	\$34,480
3	\$43,440
4	\$52,400
5	\$61,360
6	\$70,320
7	\$79,280
8	\$88,240
Karagdagang Tao	\$8,960

Programang Tulong sa Pagtitipid ng Kuryente

Ang mga kostumer ng Liberty Utilities na kwalipikado ang kita ay maaaring tumanggap ng libreng pagpapabuti sa bahay para sa mas tipid na paggamit ng kuryente. Upang malaman ang higit pa tungkol sa Programang Tulong sa Pagtitipid ng Kuryente, mangyaring bisitahin ang tab na "Financial Programs" online.

Programang Medikal na Batayan

Ang Liberty Utilities ay nag-aalok ng programang tulong para sa mga pang-tahanang kostumer na may espesyal na pangangailangan sa kuryente dahil sa kwalipikadong mga kondisyong medikal. Ang mga kwalipikadong kostumer ay tatanggap ng pagpapalawig ng kanilang mas mababang rate na batayang rasyon para sa kanilang buwanang bayarin sa kuryente pati na rin ang paunang abiso para sa mga Public Safety Power Shutoff (PSPS).

Upang malaman ang higit pa tungkol sa Programang Medikal na Batayan, mangyaring tawagan ang aming kinatawan sa serbisyo ng mga kostumer sa 1-800-782-2506 o bisitahin ang tab na "Financial Programs" online.